

MADALAS NA MGA TINATANONG (FAQs)

1. Nais kong makatanggap ng tulong sa renta mula sa Programa ng Emerhensiyang Tulong sa Renta (LB-ERAP). Karapat-dapat baa ko?

Ang mga nangungupahan o maylupa ay karapat-dapat na makatanggapng tulong sa renta kung ang sambahayan ng nangungupahan ay nasa o mas mababa sa 80 posyento ng Area Median Income (AMI). Gayunpaman, bibigyan ng prayoridad ang mga samabahayan na wala pang 50% ng AMI. Mangyaring tingnan ang tsart sa ibaba para sa mga limitasyon sa kita. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga prayoridad na grupo, mangyaring tingnan ang Pangatlong Tanong. Ang programang ito ay para sa mga residente ng Long Beach lamang.

Laki ng Sambahayan	1	2	3	4	5	6	7	8
50% AMI Limit	\$39,450	\$45,050	\$50,700	\$56,300	\$60,850	\$65,350	\$69,850	\$74,350
80% AMI Limit	\$63,100	\$72,100	\$81,100	\$90,100	\$97,350	\$104,550	\$111,750	\$118,950

2. Gaanong karaming pera ang maari kong matanggap, at magagamit ko ba ito upang bayaran ang nakalipas na bayarin sa renta?

Babayaran ng programa ang 80% ng mga rental arrear (mga nahuling bayad sa renta) sa panahong pagiging karapat-dapat simula Abril 1, 2020 hanggang sa kasalukuyan. Direktang ibibigay sa kahero ang kabayaranKung piniling huwag lumahok ng kahero sa programa, ang mga kabayaran ay direktang ibibigay sa mga nangungupahan. Maaaring mag-apply ang mga nangungupahan para sa tulong sa mga napasong bayarin sa utility na utang sa mga utility (Natural na Gas, Tubig, at Basura).

3. Aling mga aplikasyon ang bibigyan ng prayoridad sa pagsasaalang-alang?

Ang pinakamataas na prayoridad (Prayoridad 1) ang ibibigay sa mga sambahayang wala pang 50% ng AMI na walang trabaho nang mas matagal sa 90 araw o nakaranas ng ibang epektong pang-ekonomiya dulot ng COVID-19 at nagkaroon ng nahuling bayad sa upa mula Abril 1, 2020 hanggang sa kasalukuyan. Uunahin ng Lungsod ang mga nahuling upa bago simulang tugunan ang mga hinaharap na upa o mga aplikasyon para sa mga gastos sa utility lamang. Popondohan ng Lungsod ang lahat ng mga aplikante sa kategoryang Prayoridad 1 bago isaalang-alang ang mga aplikasyon sa ibang mga grupo ng prayoridad. Pakitingnan ang tsart sa ibaba para sa kumpletong listahan ng mga kategorya ng Prayoridad.

	A	B	C	Hiniling na Tulong			
Prayoridad	Antas ng Kita ng Sambahayan	Walang Trabaho	Epekto sa Ekonomiya ng COVID	Kawalang-tatag sa Pabahay	Nahuling Renta	Hinanaharap na Renta	Gastos sa Utility
1	<50% AMI	90 araw o mahigit	Oo	Oo	Oo	Oo	Oo
2	<50% AMI	Mababa sa 90 araw	Oo	Oo	Oo	Oo	Oo
3	<80% AMI	90 araw o mahigit	Oo	Oo	Oo	Oo	Oo
4	<80% AMI	Mababa sa 90 araw	Oo	Oo	Oo	Oo	Oo
5	<50% AMI	Hindi	Oo	Oo	Hindi	Oo	Oo
6	<80% AMI	Hindi	Oo	Oo	Hindi	Oo	Oo

Ang mga aplikante para sa programang ito ay maaaring nag-aplay na para o naktanggap na ng tulong sa renta sa pamamagitan ng LB CARES na programa o sa pamamagitan ng programa sa tulong sa renta ng Los Angeles County. Ang LB-ERAP ay tutuon sa pagtulong sa mga kwalipikadong samabahayan na hindi nakatanggap ng anumang tulong sa pamamagitan ng mga programan ito, o nakatanggap lamang ng limitadong \$3,000 na tulong sa pamamagitan ng LB CARES at mayroon pa ring mataas na bayarin sa mga nahuling renta. Ang mga aplikante na nakatanggap ng tulong mula sa LB CARES at mula sa programa sa tulong sa renta ng County ay bibigyan ng mas mababang prayoridad ng LB-ERAP.

4. Nangungupahan ako kasama ng iba (hal. mga roommate, asawa, miyembro ng pamilya). Maaari bang mag-aplay ang bawat isa sa amin para sa tulong sa renta?

Hindi. Ang mga aplikante sa sitwasyong ito ay dapat magsumite ng isang (1) aplikasyon para sa kanilang buong sambahayan na may kasamang impormasyon sa kita para sa lahat ng mga miyembro ng sambahayan.

5. Ako ay isang maylupa, may-ari ng pag-aari, at/o manager ng pag-aari. Maaari ba akong mag-aplay? Ang mga maylupa, may-ari ng pag-aari, at/o mga manager ng pag-aari ay hinihikayat na mag-aplay. Inirerekomenda ng Lungsod na magtulungan ang mga maylupa at nangungupa upang mag-aplay para sa programa.

6. Nakatira ako sa Signal Hill o ibang lungsod na malapit sa Long Beach, maaari ba akong mag-aplay? Hindi. Ang programang ito ay para sa mga residente ng Lungsod ng Long Beach lamang.

7. Bakit determinado ang programang ito sa pamamagitan ng kita? Bakit hindi maaaring mag-aplay ang sinuman?

Ang pagpopondo para sa LB-ERAP ay ibinigay sa pamamagitan ng pederal na pondo ng U.S. Treasury at mga State Blocks Grant. Ang mga alituntunin ng pederal at estado ay nangangailangan ng pagtuon ng LB-ERAP sa mga sambahayan na may mababang kita na pinaka-apektado ng pagpapalayas at kawalan ng seguridad sa pabahay.

8. Kailan at saan ako maaaring mag-aplay?

Makikita ang aplikasyon online simula Abril 12, 2021. Hinihikayat ang mga aplikante na mag-aplay nang maaga hangga't maaari. Kung may natanggap nang sapat na aplikasyon para maubos ang pagpopondo, isasara na ang panahon ng aplikasyon. Gayunpaman, sapat na abiso ang ibibigay sa publiko.

9. Wala akong internet o pag-access sa kompyuter. Paano ako mag-aaplay?

Mangyaring makipag-ugnay sa isa sa mga lokal na organisasyon sa itaas. Maaari nila kayong tulungan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang proxy na aplikasyon sa iyong ngalan.

10. Nakatanggap ako ng isang Notisya upang Umalis (Eviction Notice) o nag-aalala ako na makatanggap ng isa. Ano ang dapat kong gawin?

Mangyaring makipag-ugnay sa Long Beach Fair Housing Foundation (FHF) para sa tulong sa mga katanungan at pag-aalala na nauugnay sa pagpapalayas. Upang makipag-ugnay sa FHF sa telepono, mangyaring tumawag sa 1-800-446-3247 o sa pamamagitan ng email sa info@fhfca.org.

11. Nakatira ako sa subsidized na pabahay o abot-kayang yunit ng pabahay, maaari ba akong mag-aplay?

Depende. Ang mga sambahayan na tumatanggap ng tulong sa pabahay mula sa mga voucher (hal., mga housing choice voucher, project-based voucher, o iba pang Section 8 voucher) AT mga nakakaranas ng kawalang ng kita ay dapat magpa-recertify ng kanilang kita sa kanilang housing authority upang matiyak na ang mga gastos sa pabahay ay patuloy na mabayaran. Ang mga samabahayan na tumatanggap ng housing choice o Section 8 housing voucher na hindi makapag-recertify ng kita at kumolekta ng rental arrears (utang sa renta o nakaraang utang sa renta) ay karapat-dapat para sa tulong.

Ang mga sambahayan na nagpa-recertify ng kita at walang hindi bayad na arrears (utang sa renta o nakaraang utang sa renta) ay hindi karapat-dapat sa tulong. Gayundin, ang mga samabahayan ay hindi karapat-dapat para sa tulong kung nakatanggap sila ng Tenant-Based Rental Assistance (TBRA), Rapid Re-Housing (RRH) na tulong, o ibang tulong sa renta na batay sa kita kung saan ang isang sertipikasyon ng walang kita ay magpapahintulot sa tulong na mabayaran ang buong gastos ng renta ng samabahayan.

Ang mga samabahayan sa subsidized na pabahay na walang kasamang suporta sa housing voucher, tulong ng Low-Income Housing Tax Credit (LIHTC)-subsidized na pabahay at iba pang subsidized na pabahay ng estado at pederal, ay karapat-dapat para sa tulong para sa mga bahagi ng nangungupahan para sa mga rental arrear. Ang mga nagpapa-lease ng subsidized na pabahay ay maaari lamang mag-aplay para sa tulong sa renta upang mabayaran ang bahagi ng nangungupahan para sa rental arrear.

12. Kung maaprubahan ako, gaano ko kabilis matatanggap ang tulong?

Kung maaprubahan ang iyong aplikasyon, aabisuhan ka sa pamamagitan ng email at makakatanggap ka o ang iyong maylupa ng bayad sa mga nahuling bayad sa renta sa loob ng isang linggo.

13. Nagsumite ako ng aplikasyon, kailang ko malalaman kung napili ako na tumuloy sa proseso?

Kapag nasumite mon a ang isang kumpletong aplikasyon online, ang iyong apl ay rerepasuhin para sa pagiging karapat-dapat. Makakatanggap ka ng isang abiso sa pamamagitan ng email tungkol sa pagbabayad. Pansamantala, maaari ka ring mag-login sa Rent Relief na platform upang tingnan ang katayuan ng iyong aplikasyon. Kung may mga isyu sa iyong aplikasyon tulad ng nawawala o hindi wastong dokumentasyon, makikipag-ugnay sa iyo ang isang caseworker sa pamamagitan ng email o telepono upang ayusin ang mga isyu

###